Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-58 KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-22 NG AGOSTO, 2023.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA | Pang. Punong Lungsod Tagapangulo ng Hapag |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE | " |
| KGG. VICTORINO M. ALDABA III | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 264-2023**

**ISANG KAPASIYAHAN NA NAGPAPAHAYAG NG TAOS-PUSONG PAKIKIRAMAY ANG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS SA PANGUNGUNA NG PUNONG LUNGSOD - ABGDO. CHRISTIAN D. NATIVIDAD, AT ANG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD SA PANGUNGUNA NG PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD - KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA, SA NAULILANG PAMILYA AT MGA KAANAK NG YUMAONG SI IGINAGALANG MARIA SUSAN 'TOOTS' VASQUEZ OPLE - KALIHIM NG DEPARTMENT OF MIGRANT WORKERS (DMW).**

**ITINAGUYOD NI: KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
**AKDA NINA: KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE, KGG. VICTORINO M. ALDABA, III, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG, DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**

**SAPAGKAT,** noong ika-22 ng Agosto, 2023 ay sumakabilang buhay si Iginagalang Maria Susan 'Toots' V. Ople, ang kauna-unahang Kalihim ng Department of Migrant Workers (DMW);

**SAPAGKAT,** si Kalihim Maria Susan 'Toots' V. Ople ay bunso sa pitong (7) magkakapatid mula kina dating Ministro, Sekretaryo at Pangulo ng Senado - Iginagalang Blas F. Ople at ni Gng. Susan Vasquez Ople, na tubong Hagonoy, Bulacan;

**SAPAGKAT,** siya rin ang tumatayong Tagapangasiwa ng 'Blas F. Ople Policy Center' na may layuning tulungan, itaguyod at bigyang proteksyon ang sektor ng mga Overseas Filipino Workers (OFW) at mga kababaihan;

**SAPAGKAT,** bukod sa pagiging Kalihim ng Kagawaran, naglingkod din si Iginagalang Maria Susan 'Toots' V. Ople, bilang Undersecretary ng Department of Labor and Employment noong taong 2004 hanggang 2008;

**SAPAGKAT,** sa buong panahon ng kaniyang panunungkulan ay mahusay na ginampanan ni Kalihim Maria Susan 'Toots' V. Ople ang kaniyang tungkulin bilang isang lingkod-bayan, gayundin ay inialay niya ang kaniyang sarili, upang mapabuti at mapaunlad ang kapakanan ng higit na nakararami;

**SAPAGKAT,** sa kanyang paglilingkod ay kanyang nailagay sa pedestal ang Lalawigan ng Bulacan at naging mabuting ehemplo at modelo sa larangan ng paglilingkod lipunan;

**SAPAGKAT,** ang pagyao ni Kalihim Maria Susan 'Toots' V. Ople ay malaking kawalan, hindi lamang sa kaniyang pamilya at mga kaanak, lalo't higit sa mga kababayan nating OFW;

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI — KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KASANGGUNI — KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI — KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI — KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI — KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI — KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI — KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI — KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KASANGGUNI — KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE, KASANGGUNI — KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI

**SAPAGKAT,** bilang bumubuo ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos ay marapat nating iparamdam at ipahayag ang ating marubdob na pakikiramay at pag-alaala sa lingkod bayan na nagkintal at nagparamdam ng makabuluhan at dakilang serbisyo-publiko;

Dahil dito, sa pamamagitan ng kahilingan ni **Kgg. Nino Carlo C. Bautista,** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA,** gaya ng dito ay ginawang pagpapasiya, na ipinahahayag ang marubdob na pakikiramay at pakikidalamhati ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos, sa pangunguna ng Punong Lungsod - Abgdo. Christian D. Natividad at ng bumubuo ng Sangguniang Panlungsod, sa pangunguna ng Pangalawang Punong Lungsod - Kgg. Miguel Alberto Bautista, sa naulilang pamilya at mga kaanak ng yumaong si Iginagalang Maria Susan 'Toots' Vasquez Ople - Kalihim ng Department of Migrant Workers (DMW).

**PINAGTIBAY.**

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**
KASANGGUNI

**KGG. VICTORINO M. ALDABA III**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo ng Hapag

**PINAGTITIBAY/DI-PINAGTITIBAY:**

SEP 05 2023
**Petsa ng Pagtitibay:**

**ABGDO. CHRISTIAN D. NATIVIDAD**
Punong Lungsod